## ABSTRAK

ARGUELLES, MA. CONCEPCION P.; MANUEL, CONTESSA KRISTINA A.; SY, ADELIANA D. ISANG PAGHAHAMBING NG MGA ULILA AT MGA BATANG-NASA-PILING NG PAMILYA SA ASILO DE SAN VICENTE DE PAUL. Isang tesis sa kolehiyo sa Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya, Unibersidad ng De La Salle, 1987. Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa pamamaraang paglalarawan (descriptive) na gumamit ng maka-Pilipinong metodo --- ang pakikipagpalagayang-loob na nagsama ng Paggawa ng Dasal. Nagkaroon ng labing-anim (16) na kalahok (8 ulila, 8 batang-nasa-piling ng pamilya) na pawang mga babae. Inihambing ang pagkakahawig at pagkakaiba ng nasabing kalahok sa kanilang mga suliranin at paraan ng pagharap sa mga ito, pananaw sa pamilya at mga nag-impluwensiya rito, at ang kanilang mga pangarap at mithiin. Napag-alaman na ang dalawang grupo ay may pagkakahawig sa kanilang mga suliranin at negatibong paraan ng pagharap sa mga ito. Nakita rin na mayroon silang magandang pananaw sa pamilya bagamat ang isang grupo ay walang pamilya. Nakita rin na ang dalawang grupo ng kalahok ay may mga pangarap na kung saan ang iba ay mga mithiin rin. Ngunit makikita na ang batang-nasa-piling ng pamilya ay may mga mas mataas na pangarap. Itong pag-aaral na ito ay naglahad ng rekomendasyon na magkaroon ang mga ulila ng mga taong tatayong kapalit na magulang upang magkaroon ng lalong mas mabuting paghubog sa katauhan ng mga bata. Sa mga batang-nasa-piling ng pamilya na ipagpatuloy ang pagkakaroon ng magandang komunikasyon sa mga magulang upang magdulot ng kabutihan sa kanilang katauhan.